

PAANO MAKIPAGTRABAHO KASAMA NG ISANG TAGAPAGSALIN NG KORTE



Kung kailangan mong humarap sa korte at hindi ka masyadong nagsasalita o nakakaintindi ng Ingles nang mabuti, maaari kang tulungan ng isang kwalipikadong tagapagsalin ng korte na makipag-usap sa korte sa wikang komportable mong gamitin. Narito ang ilang mga payo upang tulungan kang makipagtrabaho kasama ng isang tagapagsalin ng korte.

1

MAGSALITA NANG DAHAN-DAHAN



Magsalita sa karaniwang bilis o kahit na mas mabagal nang kaunti kaysa sa karaniwan upang masundan ka ng tagapagsalin. Kung sumenyas ang tagapagsalin na bagalan mo, saglit na huminto o magdahan-dahan. Huwag huminto sa pagsasalita.

2

MAGSALITA LAMANG SA IYONG WIKA



Kahit na may alam kang kaunting Ingles, magsalita lamang sa iyong wika upang maiwasan ang kalituhan.

3

MAKINIG SA IYONG TAGAPAGSALIN



Huwag subukang makinig sa Ingles nang sabay. Maaari mong makaligtaan ang mahalagang impormasyon.

4

MAGSALITA NANG MALINAW AT DIREKTA



Magsalita nang direkta sa taong nakikipag-usap sa iyo, tulad ng hukom o abogado. At tiyaking nagsasalita nang sapat na malakas at malinaw na naririnig ka ng hukom at tagapagsalin.

5

SABIHIN SA HUKOM KUNG HINDI MO NARIRINIG O NAUNAWAAN



Kung hindi mo naririnig o nauunawaan, sabihin mo agad sa hukom. Maliban kung iyong sasabihin mo, walang sinuman ang makakaalam na hindi mo nauunawaan.



Para sa karagdagang mga payo at impormasyon tungkol sa pakikipagtrabaho kasama ng mga tagapagsalin ng korte, pumunta sa www.courts.ca.gov/selfhelp-interpreter.htm.

